U.S. Department of Justice [Kagawaran ng Katarungan] Community Relations Service [Paglilingkod para sa Ugnayan sa Komunidad

Nagsasagawa katulong ang mga Komunidad ng Unibersidad at Kolehiyo upang Pigilin at Tugonin sa mga Pangyayaring Krimen ng Kasuklaman at Di-makatwirang Pagkiling

Bilang Tagapamayapa ng America, nagkakaloob ang United States Department of Justice (DOJ) Community Relations Service [Paglilingkod para sa Ugnayan sa Komunidad] (CRS) ng mga paglingkod ng pagpapadali, pagmamagitna, pagsasanay, ang pagkasunduan sa mga komunidad na nagtatalo at dinadagdagan ang kanilang kakayahan na nagsasariling pigilin at lutasin ang mga pagtatalo sa hinaharap.

Nagkakaloob ang CRS, sa ilalim ng Title X of the Civil Rights Act ng 1964 at ang Matthew Shepard and James Byrd, Jr., Hate Crimes Prevention Act ng 2009, ng pag-aalalay sa mga mataas na paaralan na pangmadla o pribado, unibersidad, at kolehiyo na nakakaranas ng mga tunay o inaakalang pagkabahala at pagtatalo na batay sa mga tunay o inaakalang lahi, kulay, pinanggalingang bansa, kasarian, pagkilala ng kasarian, pagkiling sa kasarian, pananampalataya, o kapansanan. Naglilngkod ang CRS bilang walang-kiling na ikatlong panig, at lihim, hindi sapilitan, at pinakakaloob nang libre ang kanilang paglingkod.

Ayon sa Federal Bureau of Investigation (FBI), ang pederal na krimen ng pagkasuklam ay isang pagkasalang krimen laban sa isang tao o pag-aari, na naganyak, nang buo o bahagi, ng pagkiing ng nagsala laban sa lahi, pananampalataya, kapansanan, kiling ng kasarian, lipi, kasarian, o pagkilala ng kasarian.

Getty Images/Ariel Skelley

Kabilang sa mga programa at paglingkod ng CRS

Pinadaling Pag-uusap
Pinadadali ng CRS ang mga pagpupulong sa pagitan ng mga pinuno ng universidad, nagpapatupad ng batas, namumunong nag-aaral, at ibang pangunahing may-kapakanan upang masimulan ang mga paraan ng pakikipag-usap, at paunlarin ang paglulutas ng problema sa mga kaso ng sinabing krimen ng pagkasuklam na naganyak ng di-makatwirang pagkiling. Kabilang sa mga madalas na pinag-uusapan na pakay ang patupad ng batas sa eskuwela, mga gawi para sa pagtugon sa mga pangyayaring di-makatwirang pagkiling at sinasabing krimen ng kasuklaman, pagkilos upang alalayan ang pagpigil ng mga krimen ng kasuklaman, paglinaw ng mga patakaran ng eskuwelahan ukol sa mga pahiwatig ng pagtutol at demonstrasyon, gayon din mga ibang usapin na mahalaga sa komunidad ng eskuwelahan.

Mga Porum ng mga Pangyayaring Di-makatwirang Pagkiling at Krimen ng Kasuklaman Nagkakaloob ang kalahating-araw na porum na ito sa mga kasapi ng komunidad sa unibersidad at kolehiyo, at nagtutupad ng batas sa eskuwelahan, ng impormasyon kaugnay sa Matthew Shepard and James Byrd, Jr. Hate Crimes Prevention Act. Nakikiugnay ang programa sa mga pederal na tagapagtupad ng batas, taga-usig, pinuno ng mga kolehiyo at unibersidad, namumunong nag-aaral, tagapagtupad ng batas na lokal at sa eskuwelahan, namumuno sa pananampalataya, mga samahang nagtatangkilik ng komunidad, sa mga pagtalakay at pamahagi ng impormasyon tungkol sa mg paraan na labanan at tumugon sa mga krimen ng kasuklaman sa eskuwelahan.

Mga Porum Para Kupkopin ang mga Bahay-Sambahan Nagkakaloob ang kalahating-araw na porum na ito sa mga pinunong batay sa pananampalataya at mga kongregasyon sa loob ng mga unibersidad at kolehiyo, ng impormasyon tungkol sa mga krimen ng pagkasuklam na naganyak ng di-makatwirang pagkiling sa pananampalataya; mga pagtatantya ng banta ng

mga lokal, estado at pederal na tagapagtupad ng batas; at mga hakbang upang pangalagaan ang mga lugar ng pananampalataya at bahay-sambahan sa eskuwelahan, mula sa mga maaaring krimen ng pagkasuklam at ibang banta ng karahasan. Inuudyok ng programa ang pagpapatupad ng mga programa pangkatiwasayan, nag-aalok ng pinakamahusay na gawi para sa katiwasayan, inaalagaan ang pakikipag-ugnayan at masigasig na pakikiugnay sa komunidad, at nagkakaloob ng mga mapagkukunan, katulad ng halimbawa ng mga panukalang pangkatiwasayan at mapagkukunan sa eskuwelahan.

Sama-samang Pagkilala at Paglutas ng mga Usapin sa Eskuwelahan (City-SPIRIT) Tinitipon ng walong-oras na programa na ito ang mga nagkaiiba-ibang mga namumunong nag-aaral, tagapangasiwa ng eskuwelahan, guro, tagapagtupad ng batas sa eskuwelahan, at mga namumuno sa komunidad sa labas, upang kilalanin at tukuyin ang mga napakamahalagang usapin na makaepekto sa mga komunidad sa eskuwelahan. Pinadadali ang programa ng CRS at mga lokal na boluntaryo na tagapagpadali, at tinutulungan ang mga unibersidad at kolehiyo na magbuo at magpatupad ng mga tiyak na mga kalutasan upang tukuyin ang mga problema, katulad ng Pagbuo ng mga panukalang pagpipigil ng mga krimen ng kasuklaman at kilos ng pagtugon at grupong magtatangkilik.

Community Awareness Training Pagsasanay sa Pampagpapabatid ng Komunidad Nagkakaloob ang CRS ang mga pagsasanay sa tagapagtupad ng batas sa eskuwelahan tungkol sa mga gawi ng komunidad, at mga estratehiyang pakikibahagi atpakikipag-ugnayan upang patibayin ang mga kaugnayan sa pagitan ng tagapagtupad ng batas sa eskuwelahan o sa unibersidad at komunidad sa kolehiyo na pinaglilingkuran nila. Kabilang sa mga pagsasanay na ito ang Pakikisangkot at Pagbubuo ng mga Samahan sa mga Komunidad ng Sikh American; sa mga Muslim American; sa mga Transgender [nagpapalit ng kasarian].

Pagmamagitan Nagkakaloob ang CRS ng mga paglilingkod pangmamagitanupang tulungan ang mga komunidad sa unibersidad at kolehiyo, na lutasin ang mga pagtatalo at pagkabahala sa pamamagitan ng harapang pakikipag-ayusan sa pagitan ng mga may-kapakanan. Ang layunin ng pagmamagitan ay magbuo ng nakasulat na kasunduan sa pagitan ng mga panig na nagpapataas ng tiwalaan, pinahuhusay ang mga samahan sa komunidad, at nagtatayo ng kakayahan ng eskuwelahan.

Pagsangguni Nag-aalay ang CRS ng paglingkod na pagsangguni upang tulungan ang mga kolehiyo at unibersidad na tumugon nang may-bisa sa mga pagtatalo. Kabilang sa mga paglilingkod na ito ang pagtulong na teknical para sa pagbuo ng mga lupon ng katarungan at pagkaiiba-iba o mga kumikilos na grupo ng kalagayan sa eskuwelahan; mga pinakamahusay na gawi sa pakikisundo sa mga magkaiiba-ibang komunidad sa eskuwelahan; at pagsangguni sa mga usapin na pakikipag-usap, paglutas ng mga salungatan, at sama-samang paglutas ng problema.

Saan Kami Nagsasagawa

- New England Region [pook]
- Northeastern Region
- Mid-Atlantic Region
- Southeastern Region
- Midwestern Region
- Southwestern Region
- Central Region
- Rocky Mountain Region
- Western Region
- Northwestern Region
- Mga Sangay Panglarangan
- Mga Sangay Pampook
- Mga Punong Tanggapan ng CRS



Hanapin kami, maki-ugnay sa amin

www.justice.gov/crs **www.justice.gov/hatecrimes**

facebook.com/DOJCRS/ @DOJ_CRS askcrs@usdoj.gov 202.305.2935

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa programa na ito o iba pang mga paglingkod ng CRS, maaring maki-ugnay sa CRS:
https://www.justice.gov/crs/about-crs/regional-and-field-offices